Community LivingWell

Working together for your wellbeing

NHS

Navigators

Matutulungan ba ako ng serbisyong navigator?

Ang serbisyong Navigator ay available para sa mga taong 16 na taong-gulang o higit pa, na nakarehistro sa isang GP Practice sa Kensington at Chelsea o Queen's Park at Paddington na mga lugar sa Westminister. Ang serbisyong ito ay para sa mga taong:

- may pirmihan at pangmatagalang pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan
- kasalukuyan, o maaaring suportahan sa lugar na may panimulang pangangalaga
- mga tagapag-alaga ng mga taong umaayon sa pamantayan ng naturang serbisyo.

Ang mga Community Living Well Navigator ay maaaring makatulong kung ikaw ay nangangailangan ng:

- praktikal na suporta sa iba't ibang uri ng mga isyu, halimbawa mga benepisyo, utang, mga pagpipilian sa pabahay, pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan at pangangalagang panlipunan at iba pang mga karapatan at pribilehiyo
- suporta upang ma-access ang mga payo at impormasyon mula sa espesyalista
- suporta sa paggawa ng mga hakbang upang mapabuti ang kapakanang pisikal at pangkaisipan

Anong suporta ang ibinibigay ng serbisyong navigator?

Ang serbisyong ito ay nag-aalok ng pansamantalang suporta ng hanggang anim na sesyon, depende sa antas ng pangangailangan.
Maaari kang samahan ng isang Navigator upang:

- Kilalanin ang mga aspeto na nais mong masuportahan
- Itakda kung ano ang nais mong makamit
- Siyasatin ang iyong mga pagpipilian
- Lumikha ng isang Planong Pangkagalingan, na pinangungunahan mo, kung paano matutugunan ang iyong mga pangangailangan, kung sino ang susuporta sa iyo at kung paano
- Mag-alok ng praktikal na suporta upang matulungan kang ma-access ang mga karapatan, serbisyo at suporta batay sa mga pangangailangan, mga kagustuhan at mga pagpipilian na available sa iyo
- Makipag-ugnayan tungkol sa pangangalaga at suporta upang tulungan kang maabot ang iyong mga hangarin
- Maaari kang suportahan ng isang Navigator na magsalita para sa iyong sarili at gumawa ng iyong sariling mga desisyon

communitylivingwell.co.uk | email: cnw-tr.clw@nhs.net | tel: 020 3317 4200

SMART
St Mary Abbotts Rehabilitation and training

jobsinmind
RECOVERY • EMPLOYMENT • SOCIAL BUSINESS

Ang Community Living Well ay isang kolaborasyon ng NHS wat mga partner sa boluntaryong sektor.
Ang Suporta sa Pagtatrabaho ay inihahatid ng Jobs in Mind at SMART
Ang Jobs in Mind ay isang rehistradong kawanggawa - No. 801945
Ang SMART ay isang rehistradong kawanggawa - No. 801945